Vol.18
Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2021.7

## Impormasyon sa “OTA! Ichioshi Gourmet” Pamphlet




Ang “OTA! Ichioshi Gourmet” ay isang sistema ng sertipikasyon para sa mga mahuhusay na mga restawran na kumakatawan sa rehiyon. Lumikha kami ng isang komprehensibong pamphlet na nagbubuod ng impormasyon ng higit-kumulang na 100 na mga sertipikadong restawran sa iisang volume. Mangyaring bisitahin ang mga masasarap na restawran sa Ota City na pinili ng mga propesyonal.

I-download mula rito

| Makipag-ugnay sa | Ota City Industrial Promotion Organization<br>☎ 03-3733-6401 FAX 03-3733-6459<br>E-mail planning-pr@pio-ota.jp |
|---|---|

## Ota City Community Cycle Project

Ang Ota City Community Cycle ay isang bicycle sharing service kung saan maaaring magrenta at magsauli ang bisikleta kahit saan hangga’t ito ay nasa isang cycle port (paradahan ng mga bisikleta) sa loob ng ilang mga lugar. Maaaring magrenta at magsauli ng bisikleta sa kahit na saang cycle port hangga’t ito ay nasa loob ng 11 city sa Tokyo, kabilang ang Ota City. Mayroong humigit-kumulang 90 port sa Ota City. Maaari itong kombinyenteng gamitin para sa pag-cocommute, pamimili, sightseeing, atbp. (Kinakailangan ng membership registration upang magamit ito.)



| | |
|---|---|
| Kailan | Magagamit 24 oras |
| Saan | Humigit-kumulang 860 lugar sa Tokyo<br>(humigit-kumulang 90 lugar sa Ota City) |
| Magkano | One-time membership 165 yen/30 minuto<br>(110 yen kada 30 minutong extension)<br>Monthly membership 2,200 yen/buwan<br>(110 yen kada 30 minutong extension)<br>One-day pass 1,650 yen/araw (hanggang 11:59 pm sa araw ng paggamit) |
| Ilang tao | Isang bisikleta ang maaaring magamit sa bawat isang membership registration |

| Paano mag-apply | Magrehistro para sa membership mula sa website |
|---|---|
| Makipag-ugnay sa | Urban Infrastructure Development Management Division<br>☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527<br>E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp |

# Tungkol sa pag-iwan at pagnanakaw ng bisikleta



Mangyaring huwag iwanan ang iyong bisikleta sa kalsada o paligid ng istasyon ng tren. Magiging problema ito kapag naging sagabal ito sa mga pedestrian o kapag hindi makaraan ang mga sasakyang pang-emerhensiya. Gayundin, kapag ipinarada mo ang iyong bisikleta sa kalsada o sa paligid ng istasyon ng tren, maaari itong manakaw o kumpiskahin ng Ota City. Iparada ang bisikleta sa paradahan ng bisikleta.

Kahit na ipinarada mo ang iyong bisikleta sa bahay o paradahan ng bisikleta maliban sa kalsada, ito ay maaari pa ring manakaw. Mahalagang i-lock ang iyong bisikleta upang maiwasan na manakaw ito. Huwag kalimutang i-lock ito. Mas epektibong gumamit ng two-lock na naka lagay sa dalawang parte ng iyong bisikleta dahil mas matagal bago manakaw ang iyong bisikleta. Protektahan ang iyong mahalagang bisikleta gamit ang two-lock.

**Makipag-ugnay sa**

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315
FAX 03-5744-1527
E-mail toshikan@city.ota.tokyo.jp

# Tungkol sa pagbabayad ng residence tax

Ang ikalawang deadline ng pagbabayad ng special ward tax/metropolitan tax (residence tax) ay sa Agosto 31. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang ikatlong deadline ng pagbabayad ay sa Nobyembre 1. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

**Makipag-ugnay sa**

Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205
FAX 03-5744-1517

# Pag-refund ng mga medikal na gastos matapos maging diskuwalipikado mula sa National Health Insurance

Kung ikaw ay sumali sa health insurance ng iyong pinagtatrabahuan o kung ikaw ay aalis ng Ota City, siguraduhing ipabigay-alam na aalis mula sa Ota City National Health Insurance ng at isauli ang iyong Ota City insurance card.

Kung ikaw ay sumali sa health insurance ng iyong pinagtatrabahuan o kung ikaw ay aalis ng Ota City, mawawalan ka ng kwalipikasyon para sa Ota City National Health Insurance pagkatapos ng araw ng pagsali sa ibang health insurance o araw ng paglipat mula sa Ota City, kaya hindi mo na maaaring gamitin ang insurance card ng Ota City National Health Insurance.

Kung ikaw ay nagpatingin sa medikal na institusyon gamit ang insurance card ng Ota City National Health Insurance sa panahon na ikaw ay wala nang kwalipikasyon, kinakailangan mong isauli ang medikal na gastusin na binayaran ng Ota City (70~80% ng kabuuang gastusin), at i-charge ito sa health insurance, atbp. na iyong papasukan.

Kapag magpapatingin sa medikal na institusyon bago ang pag-isyu ng bagong insurance card, kumonsulta sa health insurance na iyong pinoproseso, at ipagbigay-alam sa tanggapan ng medikal na institusyon na pinoproseso ito.

**Makipag-ugnay sa**

National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744-1211 FAX 03-5744-1516



# Impormasyon tungkol sa sistema ng grant-type scholarship para sa mga papasok ng high school, atbp.

Sa Ota City, mayroong sistema ng grant-type scholarship para sa mga may balak na pumasok sa high school, technical college, o vocational high school, at para sa mga nahihirapang dumalo sa paaralan dahil sa pampinansyal na kadahilanan, at nakatugon sa tiyak na grade criteria.

*Kinakailangan matugunan ang lahat ng kinakailangan at pamantayan sa pagpili. Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.

*Kung marami ang bilang ng mga aplikante, maaaring hindi sila tanggapin kahit na natugunan nila ang pamantayan sa pagpili.

**Kailan** Panahon ng pagrekrut: Mula simula ng Setyembre hanggang simula ng Oktubre 2021 (nakaplano)
Grant period: Ibibigay ito sa Marso bago ang enrollment (nakaplano)


**Magkano** 80,000 yen (Isang beses bawat isa)

**Paano mag-apply** Dalhin o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng aplikasyon

**Mag-apply sa (Makipag-ugnay sa)**
Scholarships Counter, Public Assisance Section, Welfare Management Division
5-13-14 Kamata, Ota-ku 〒144-8621
☎ 03-5744-1245
FAX 03-5744-1520

# Mangyaring gamitin ang app para sa paghihiwalay ng basura.

Ipinakikilala namin ang isang libreng smartphone app para sa mga recyclable at basura sa Ota City. Maraming itong mga kapaki-pakinabang na mga function tulad ng kalendaryo ng mga araw ng pagtapon ng basura, o paghanap ng mga basurang hindi mo alam kung saan ikakategorya sa diksyunaryo ng paghihiwalay ng mga basura, at alert function kung saan makakatanggap ng notipikasyon bago at sa mismong araw ng koleksyon.




Maaaring i-search ang "Ota City Garbage Separation" app sa "App Store" o "Google Play" at i-download ito .



App Store

Google Play

**Makipag-ugnay sa**
Sanitation Division
☎ 03-5744-1628 FAX 03-5744-1550 E-mail kan-seso@city.ota.tokyo.jp

# Espesyal na eksibisyon “Hasui Kawase”

Si Hasui Kawase ay isang pintor na nanirahan ng mahabang panahon at namuhat sa pagpipinta sa Ota City. Nilakbay ni Hasui Kawase ang buong Japan at iginuhit ang mga tanawin sa bawat lugar sa bawat panahon. Sinasabing higit sa 600 na gawa ang kanyang naiguhit sa kanyang buong buhay. Sa espesyal na eksibisyon na ito, i-didisplay namin ang kanyang mga sketchbook, diary, paboritong bagay, larawan, atbp. nang magkahiwalay, sa una at pangalawa hati, kasama na ang mga gawa niya mula sa kanyang unang taon hanggang sa kanyang mga huling taon. Sa unang hati, pangunahing ipapakita ang mga tanawin sa “Tokyo”, kung saan ang lugar ng kapanganakan din ni Hasui at kung saan siya ay mayroong emotional attachment, at sa pangalawang hati naman ay ipapakita ang mga tanawin ng mga “patutunguhan” na mga binisita ni Hasui na mahilig maglakbay.



“Moon at Magome”, from the series “Twenty Scenes of Tokyo” na kinunan noong 1930



“Dawn at Lake Yamanaka” na kinunan noong Agosto 1931

**Mangyaring tingnan ang mga magagandang tanawin sa Japan na kinunan ni Hasui Kawase.**

**Kailan**

Hulyo 17 (Sabado)~Setyembre 20 (Lunes at pista opisyal), 2021

Oras na bukas ang museum　9:00 am~5:00 pm

Araw na sarado　Lunes (bukas kapag pista opisyal)

**Magkano** Libre

**Saan (Makipag-ugnay sa)**

Ota City Folk Museum

☎ 03-3777-1070　FAX 03-3777-1283　E-mail　kyodohaku@city.ota.tokyo.jp

# Katsu Kaishu Memorial Museum Exhibition “Hitsura ni Kaishu na nakikita mula sa suplay”

I-didisplay namin ang mga suplay ni Katsu Kaishu na ipinasa mula sa Bakumatsu sa kasalukuyan. Ito ay ang *kamishimo*, mga kagamitan sa trabaho, sariling gawang lalagyan, atbp. na ginamit ni Kaishu para sa trabaho at iba pa. Sa pamamagitan ng mga ito, maaaring madama ang pagbabago ng panahon at makita ang buhay na buhay na kalagayan ni Kaishu. Mangyaring bumisita rito.

**Kailan**

Hulyo 2 (Biyernes)~Setyembre 12 (Linggo), 2021

Oras na bukas ang Museum　10:00 am~6:00 pm

Araw na sarado　Lunes (susunod na araw kapag pista opisyal)

*Sarado ang museum sa Hunyo 28 (Lunes)~Hulyo 1 (Huwebes) dahil sa pagpapalit ng mga display

*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

**Magkano**

Bayad sa pagpasok　Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

**Saan (Makipag-ugnay sa)**

Katsu Kaishu Memorial Museum

☎ 03-6425-7608　FAX 03-6425-7610



Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku　☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323